► Basahin ang Roma 12:1-2 at bilugan ang mga mahalagang salita para pag-aralan. Sa tabi ng salita, lagyan ng marka kung bakit mo ito pinili:

1 = Mahalagang salita
2 = Inulit na salita
3 = Tayutay
4 = Malabo o mahirap na salita

Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod. Huwag ninyong tularan ang sanlibutang ito; kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kasiya-siya, at lubos na kalooban ng Diyos.

Ang ilang mga salita na maaaring namarkahan mo ay ang:

1 = Mahalagang salita: isinasamo, ialay, tularan, magbago, pagbabago
2 = Inulit na salita: wala sa sipi na ito
3 = Tayutay: handog na buháy
4 = Malabo o mahirap na salita: makatuwirang paglilingkod

shepherds GLOBAL CLASSROOM